

Paunawa ng Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong mga Karapatan at Benepisyong

1. Ano ang Medi-Cal Dental Managed Care (DMC) plan?

Kinokoordina ng Medi-Cal DMC plan ang mga benepisyong ngipin sa mga dentista sa lugar niyo para bigyan kayo ng mga sakop ng Medi-Cal na serbisyong ngipin. Ang mga miyembro sa Medi-Cal DMC plan ay dapat gumamit ng dentista sa kanilang network ng tagapaglaan ng Medi-Cal DMC plan kadalasan.

Kung nakatira ka sa **Sacramento County**, dapat kang mag-enroll sa Medi-Cal DMC plan, na ilang eksepsiyon.

Kung nakatira ka sa **Los Angeles County**, maaari mong piliing mag-enroll sa isang Medi-Cal DMC plan, o maaari mong piliin ang Medi-Cal Dental Fee-For-Service (FFS).

2. Maaari ko bang panatiliin ang aking dentista kung wala sila sa aking bagong network ng Medi-Cal DMC?

Kung nagpunta ka sa dentista ng Medi-Cal sa nakalipas na 12 buwan na wala sa bago mong network ng Medi-Cal DMC plan, maaari mong pansamantalang panatilihin ang iyong dentista kung hihilingin mo sa iyong bagong plan ng “pagpapatuloy ng pangangalaga” (continuity of care).

Pinahihintulutan ka ng pagpapatuloy ng pangangalaga mapanatili ang iyong dentista sa Medi-Cal hanggang 12 buwan pagkatapos kang sumali sa bagong Medi-Cal DMC plan.

Maaaring pumayag ang iyong dentista na magtrabaho sa bagong Medi-Cal DMC plan. Maaari itong magtagal ng hanggang 12 buwan. Kung nais mo ang pagpapatuloy ng pangangalaga, tawagan ang mga serbisyo ng miyembro ng iyong bagong Medi-Cal DMC plan kapag sumali ka sa bagong Medi-Cal DMC plan. Kapag **hindi** pumayag ang iyong dentista na makipagtulungan sa iyong bagong Medi-Cal DMC plan, tutulungan ka ng plan na maghanap ng bagong dentista.

Para magkaroon ng karagdagang kaalaman tungkol sa iyong pagpipilian sa Medi-Cal DMC plan, pumunta sa: **www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov**.

3. Paano kung may mga appointment akong naka-iskedyul sa o makalipas ang XX/XX/XXXX?

Makipagtulungan sa iyong kasalukuyang dentista para iiskedyul ang iyong mga pagbisita sa iyong bagong Medi-Cal DMC plan. Maaaring kailangang humingi ang dentista mo sa bago mong plan ng pag-apruba bago ka makakapag-iskedyul ng anumang mga bagong pagbisita o mga serbisyo.

4. Maaari ko bang panatiliin ang mga appointment na mayroon ako sa espesyalista ng Medi-Cal?

Kung nag-iskedyul ka ng appointment sa bagong espesyalista ng Medi-Cal bago ka sumali sa Medi-Cal DMC plan, maaari mong mapanatili ang iyong appointment.

Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro ng iyong Medi-Cal DMC plan kapag sumali ka sa plan. Magtanong sa iyong Medi-Cal DMC plan kung mapapanatili mo ang appointment na ito. Ang espesyalista ay maaaring nasa bago mo nang network ng Medi-Cal DMC plan, o maaari silang pumayag na sumali dito.

5. Kakailanganin ko bang kumuha ng bagong awtorisasyon kapag lumipat ako sa Medi-Cal DMC plan?

Kung kumukuha ka ng serbisyong Medi-Cal o paggamot na hindi kailangan ng paunang awtorisasyon (pag-apruba), maaaring patuloy mong makuha ang serbisyong iyon o paggamot. Kung gusto mong ipagpatuloy ang serbisyo o paggamot nang lagpas sa pangangalaga [XX/XX/XXXX](#), tumawag sa iyong mga serbisyo para sa miyembro ng Medi-Cal Dental Managed Care Plan kapag sumali ka sa plan.

Kung may kasalukuyang awtorisasyon ka mula sa kasalukuyan mong dentista para sa serbisyong Medi-Cal, patuloy mong magagamit ang kasalukuyan mong awtorisasyon.

Kung ang iyong Medi-Cal na dentista ay wala sa bago mong network ng Medi-Cal DMC plan, maaaring kailanganin mong pumunta sa bagong dentista para patuloy na makuha ang iyong serbisyo o paggamot sa o makalipas ang [XX/XX/XXXX](#). Para malaman kung ang iyong dentista ay nasa bago mong network ng Medi-Cal DMC plan, tumawag sa plan. Kung ang dentista mo ay wala sa network ng bago mong plan, maaari kang humingi ng pagpapatuloy sa pag-aalaga, tulad ng pinaliwanag sa Seksyon 2.

6. Paano kung makakuha ako ng bill?

Kung makakuha ka ng bill mula sa isang dentista o mula sa kasalukuyan mong Medi-Cal DMC plan tumawag sa kasalukuyan mong Medi-Cal DMC plan. Sasabihin nila sa iyo kung kailangan mong bayaran ang bill. Kung nakakuha ka ng pag-aalaga nang walang awtorisasyon ng iyong Medi-Cal DMC plan para sa mga dentista na nasa-labas-ng-network, maaaring kailangan mong bayaran ang bill.

Kung makakuha ka ng bill para sa serbisyong nakuha mo kasama ng iyong **bagong** Medi-Cal DMC plan, tawagan ang bago mong plan para malaman kung kailangan mong bayaran ang bill.

7. Paano ako pipili ng Medi-Cal DMC plan?

Ang pagpili mo ay depende sa tinitirhan mong county.

Kung nakatira ka sa **Sacramento County**, dapat kang pumili ng Medi-Cal DMC plan. Kung nakatira ka sa Sacramento County at hindi ka pumili ng Medi-Cal DMC plan, ang Department of Health Care Services (DHCS) ang pipili ng Medi-Cal DMC plan para sa iyo.

Kung nakatira ka sa **Los Angeles County**, maaari mong piliing mag-enroll sa isang Medi-Cal DMC plan. O maaari mong piliin ang Medi-Cal Dental Fee-For-Service (FFS).

Kung nakatira ka sa **San Mateo County**, makakakuha ka ng mga serbisyong dental sa pamamagitan ng Health Plan of San Mateo (HPSM) o Medi-Cal Dental FFS.

- Kung naka-enroll ka sa HPSM, makakatanggap ka ng mga serbisyong dental sa pamamagitan ng HPSM. Para matuto pa tungkol sa HPSM, tumawag sa member services Lunes – Biyernes, 8 ng umaga hanggang 6 ng gabi sa 1-800-750-4776 (TTY: 1-800-735-2929).
- Kung naka-enroll ka sa Kaiser, makakatanggap ka ng mga serbisyong ngipin sa pamamagitan ng Medi-Cal Dental FFS ngipin. Para makahanap ng tagapaglaan ng dental, maaari mong tawagan ang Medi-Cal Dental's Customer Service Center sa 1-800-322-6384 (TTY: 1-800-735-2922), Lunes – Biyernes, 8 ng umaga hanggang 5 ng gabi.

Maaari kang mag-enroll sa pamamagitan ng telepono sa Medi-Cal DMC plan. Tumawag sa Medi-Cal Health Care Options (HCO) Lunes – Biyernes, 8 ng umaga hanggang 6 ng gabi sa 1-800-576-6890 (TTY: 1-800-430-7077). O, mag-enroll ka online sa **www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov**.

Karapatan mong palitan ang iyong Medi-Cal DMC plan anumang oras. Tumawag sa Medi-Cal HCO Lunes – Biyernes, 8 ng umaga hanggang 6 ng gabi sa 1-800-576-6890 (TTY: 1-800-430-7077). O pumunta sa **www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov**.

8. Ano ang Medi-Cal Health Care Options?

Ang Medi-Cal Health Care Options (HCO) ay isang serbisyo na tumutulong sa mga miyembro na matuto tungkol sa mga Medi-Cal plan. Ang serbisyong ito ay iniaalok ng Department of Health Care Services para tulungan ang mga miyembro na gumawa ng mga tamang pagpili tungkol sa kanilang Medi-Cal coverage.

Ang Medi-Cal HCO website ay **www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov**.

Para matuto pa, tumawag sa Medi-Cal HCO Lunes – Biyernes, 8 ng umaga hanggang 6 ng gabi sa 1-800-576-6890 (TTY: 1-800-430-7077).

9. Maaari pa ba akong mag-enroll para sa Program of All-Inclusive Care for the Elderly (PACE)?

Kung ikaw ay 55 taong gulang o mas matanda at kailangan ng mas mataas na lebel ng pag-aalaga para tumira sa bahay, maaari kang maging kuwalipikadong sumali sa PACE plan sa lugar mo.

Binibigyan ka ng PACE ng pangkat sa personal na pangangalaga ng mga doktor, nars, therapist, driver, mga homecare worker, mga social worker, mga tagapag-ugnay ng aktibidad, at mga dietitian. Aayusin nila ang iyong pangangalagang pangkalusugan, pangangalaga sa bahay, transportasyon at mga espesyalidad na serbisyo tulad ng pangangalagang dental at mga hearing aid.

Sa PACE, nakukuha mo ang karamihan sa iyong pangangalaga sa mga PACE center. Maaari ka ring makilahok sa kanilang mga programang panlipunan at gamitin ang kanilang mga senior gym. Minsan ang iyong pangkat ng pangangalaga ay nagdadala ng mga serbisyo sa iyo sa bahay o malayo.

Kung pinili mong sumali sa PACE plan, idi-disenroll ka mula sa iyong Medi-Cal DMC plan dahil lahat ng mga serbisyong dental ay nilaan ng PACE plan.

Ang pag-enroll sa PACE ay boluntaryo. Maaari kang magpatanggal sa pagka-enroll anumang oras. May proseso sa aplikasyon para makasali sa PACE. Ito ay may kasamang pagtatasa sa kalusugan para matutunman ang tungkol sa iyong mga pangangailangan sa pangangalaga. Ang proseso ay maaaring tumagal ng ilang linggo. Kung mayroon kang Medi-Cal, walang ibang co-pay o makakaltas sa pagpapa-enroll sa PACE.

Kasama sa mga serbisyo ng PACE, ngunit hindi limitado sa:

- Mga pagbisita sa doktor at espesyalista
- Pangangalaga sa ospital at mga operasyon
- Emerhensiya at agarang pangangalaga
- Mga serbisyo ng vision at dental
- Mga inireresetang gamot
- Pisikal, occupational, at pagsasalita na therapy
- Pangangalaga ng kalusugan sa tahanan
- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali
- Mga kagamitan at mga medikal na supply
- Transportasyon papunta at mula sa mga PACE center at mga medikal na appointment
- Pagpapayo sa nutrisyon at mga inihandang pagkain
- Pangangalaga sa nursing home

Para malaman kung ang PACE ay available sa inyong county o magkaroon ng karagdagang kaalaman tungkol sa PACE, pumunta sa **www.CalPACE.org**. O tumawag sa Health Care Options Lunes – Biyernes, 8 ng umaga hanggang 6 ng gabi sa 1-800-576-6890 (TTY: 1-800-430-7077).

10. Sino ang hindi kailangang sumali sa Medi-Cal DMC plan?

Kung nakatira ka sa Sacramento County, maaaring hindi mo kailangang sumali sa Medi-Cal DMC plan kung ikaw ay:

- Isang American Indian/Alaska Native,
- Ay miyembro na nakakakuha ng tulong sa ilalim ng foster care, ang Adoption Assistance Program, o Child Protective Services, o
- Kumuha ng pang-benepisyaryong medika (dental) na eksemsiyon (medical (dental) exemption) na hindi na kakailanganing sumali sa isang Medi-Cal DMC plan.

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa pagbubukod mula sa pagsali sa Medi-Cal DMC plan, tawagan ang Health Care Options Lunes –Biyernes, 8 ng umaga hanggang 6 ng gabi sa 1-800-576-6890 (TTY: 1-800-430-7077).

11. Makakakuha ba ako ng medikal (dental) na eksempsiyon mula sa pagsali sa Medi-Cal DMC plan?

Kung nakatira ka sa **Sacramento County**, kung saan mandatoryo ang dental managed care, maaari kang makakuha ng medikal (dental) na eksempsiyon mula sa Medi-Cal DMC plan. Maaari kang makakuha ng medikal na eksempsiyon kung:

- Mayroon kang masalimuot na medikal na kundsiyon, at
- Ang iyong **Medi-Cal** na dentista ay isang Medi-Cal Dental Fee-For-Service (FFS) na dentista na wala sa isang network ng Medi-Cal DMC plan sa Sacramento County.

Kung gusto mong manatili sa Medi-Cal Dental FFS, humingi ng medikal na eksempsiyon sa lalong madaling panahong magagawa mo. Sa karamihan ng mga kaso, hindi ka maaaring maging kwalipikado para sa eksempsiyon mula sa pagpapa-enroll sa Medi-Cal dental plan pagkatapos na ikaw ay nasa Medi-Cal DMC plan sa loob ng **90 araw**.

Matutulungan ka ng iyong doktor, o isang tagapagtaguyod na punan ang form. Ang iyong dentista ay kakailanganin rin na punan ang bahagi ng form. Ibalik ang nakumpletong form sa Medi-Cal Health Care Options (HCO).

May dalawang pamamaraan para makahiling ka ng medikal (dental) na eksempsiyon.

1. Tumawag sa Medi-Cal HCO Lunes – Biyernes, 8 ng umaga hanggang 6 ng gabi sa 1-800-576-6890 (TTY: 1-800-430-7077).
2. Pumunta sa Medi-Cal HCO sa **www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov**.

Kung naaprubahan ang iyong eksempsiyon, maaari kang manatili sa Medi-Cal Dental FFS at panatilihin ang iyong dentista hanggang sa matapos ang medikal (dental) na eksempsiyon.

Kung ang iyong eksempsiyon ay tinanggihan, maaari mong panatilihin ang iyong doktor kung hihilingin mo sa iyong Medi-Cal DMC plan para sa pagpapatuloy ng pangangalaga (continuity of care).

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa medikal na pagbubukod kung paano humingi nito, pumunta sa Medi-Cal HCO website sa **www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov**.

12. Ano ang Dental na Eksempsiyon ng Benepisyaryo (BDE) na proseso?

Kung nakatira ka sa **Sacramento County**, kung saan mandatoryo ang dental managed care, maaari kang maging kuwalipikado para sa isang dental na eksempsiyon mula sa dental plan kung hindi mo makuha ang iyong Dental Managed Care (DMC).

- Isang “emergency” (kirot, pamamaga, at/o pagdurugo) na appointment sa loob ng 24 na oras,
- Isang “rutinang” (hindi-emergency) appointment sa loob ng apat na (4) linggo, o
- Isang “espesyalistang” appointment sa loob ng 30 araw mula sa awtorisadong kahilingan.

Kung nahihirapan kang mag-iskedyul ng appointment, tulad ng nakatala sa ibaba, maaari kang humingi ng eksempsiyon ng benepisyaryo sa dental. May dalawang pamamaraan para makahiling ka ng eksempsiyon ng benepisyaryo sa dental.

1. Tumawag sa Dental na Eksempsiyon ng Benepisyaryo, Lunes – Biyernes, 8 ng umaga hanggang 5 ng gabi, at sa 1-855-347-3310.
2. Pumunta sa webpage ng Dental na Eksempsiyon ng Benepisyaryo **dental.dhcs.ca.gov/Members/Dental_Managed_Care/Beneficiary_Dental_Exception**.

Kung aprubado ng eksempsiyon mo, maaari kang tumuloy sa Medi-Cal Dental FFS.

13. Anu-ano ang mga iba pang serbisyo na maaari kong makuha sa Medi-Cal?

Transportasyon

Kung wala kang kakayahan na makapunta sa doktor, klinika, dentista, mga serbisyo para sa paggamot sa kalusugang mental o mga appointment sa serbisyo sa paggamot ng sakit sa paggamit ng droga, o pagkuha ng gamot o para pumunta sa mga ibang serbisyong saklaw ng Medi-Cal, maaari kang maging kuwalipikado para sa isang libreng serbisyong transportasyon. Makukuha mo ang mga serbisyong Non-Medical Transportation (NMT) gamit ang kotse, taxi, bus o ibang mga sasakyang publiko o pribado. Available ang NMT para sa mga appointment na sakop ng Medi-Cal pero hindi sa pamamagitan ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal. Kasama dito ang mga serbisyo sa paggamot ng substance use disorder.

Kung hindi ka maaaring sumakay sa isang kotse, bus, taxi o ibang pampubliko o pribadong sasakyan dahil sa iyong mga kalagayang pangkalusugan, maaari kang kumuha ng mga serbisyong Non-Emergency Medical Transportation (NEMT) papunta sa iyong mga appointment. Ito ay maaaring maging ambulansiya, sasakyan na may wheelchair, o litter van. Kailangan mo ng reseta mula sa isang lisensyadong tagapaglaan para humingi ng NEMT. Ang NEMT ay para sa mga tao na hindi makagamit ng pampubliko o pribadong transportasyon. Ang iyong tagapaglaan ng pangunahing pangangalaga, dentista, podiatrist, kalusugang pangkaisipan o tagapaglaan ng substance use disorder ay maaaring magreseta nito

Ang iyong Medi-Cal Dental Managed Care Plan o planong pangkalusugan ay makakatulong sa iyong mag-iskedyul ng transportasyon. Tumawag sa iyong mga serbisyo ng miyembro ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal para humingi ng masasakyan.

Kapag humihingi ng transportasyon, dapat mong kontakin ang inyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa lalong madaling panahon bago ang appointment. Kung marami kang appointment, maaari ka ring humingi ng transportasyon sa mga appointment na iyon.

14. Saan ako maaaring matuto pa o humingi ng tulong?

Para sa mga tanong tungkol sa mga pagpipilian sa Medi-Cal DMC plan:

- Tumawag sa Medi-Cal Health Care Options (HCO) Lunes – Biyernes, 8 ng umaga hanggang 6 ng gabi sa 1-800-576-6890 (TTY: 1-800-430-7077). O pumunta sa Medi-Cal HCO sa **www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov**.

Para sa mga tanong tungkol sa Medi-Cal Dental Program:

- Tawagan ang Medi-Cal Dental Telephone Service Center Lunes –Biyernes, 8 ng umaga hanggang 5 ng gabi sa 1-800-322-6384 (TTY: 1-800-735-2922 o 711). O pumunta sa **www.dental.dhcs.ca.gov**.

Para sa mga tanong tungkol sa Medi-Cal:

- Tawagan ang Medi-Cal Helpline Lunes – Biyernes, 8 ng umaga hanggang 5 ng gabi sa 1-800-541-5555. Ang tawag ay libre at maa-access din ng TTY.

Para sa mga katanungan kung bakit nagbabago ang iyong Medi-Cal DMC plan:

- Tawagan ang Medi-Cal Ombudsman Office Lunes – Biyernes, 8 ng umaga hanggang 5 ng gabi sa 1-888-452-8609 (TTY: 711 para sa California State Relay). Libre ang tawag. O mag-email sa kanila sa **MMCDombudsmanOffice@dhcs.ca.gov**. Ang Medi-Cal Ombudsman Office ay tumutulong sa mga taong may Medi-Cal na gamitin ang kanilang mga benepisyo at malaman ang kanilang mga karapatan at mga responsibilidad.

15. Paano kung ako ay isang Miyembro ng American Indian o Alaska Native?

Kung ikaw ay isang miyembro ng American Indian/Alaska Native (AI/AN) na naka-enroll sa isang Dental Managed Care Plan, patuloy ka pa ring makakakuha ng mga serbisyo mula sa isang Indian Health Care Tagapagkaloob na napili mo. Kung may mga tanong ka tungkol sa mga benepisyo mo, mangyaring kontakin ang iyong Dental Managed Care Plan o ang Sentro ng Serbisyong Telepono ng Medi-Cal Dental Program sa 1-800-322-6384.